



FAQ (Mga Madalas Itanong)
685 Ellis | 685 Ellis Street, San Francisco, CA 94109

Ano ang panukalang proyektong nasa 685 Ellis Street, San Francisco, CA 94109, sino ang pagseserbisyuhan nito?

Ang Kagawaran ng Kawalan ng Tirahan at Pansuportang Pabahay (The Department of Homelessness and Supportive Housing) ay pinapanukalang bilhin ang gusaling may 74 na yunit sa 685 Ellis Street San Francisco, Ca 94109 para gamitin bilang permanenteng Pansuportang Pabahay para sa may mga sapat na edad na para makaraos sa pagkakawalan ng bahay. Ang layunin ng onsite services ay tulungan ang mga nangungupahan na makakuha at mapanatili ang pabahay at katatagan.

Pagkatapos makumpleto ang pagbili, ang property ay patuloy na mapapatakbo bilang Shelter-In-Place (SIP) hotel upang tumulong sa SIP winddown at proseso ng pabahay. Inaasahan ng HSH na maglalabas ng Solicitation of Information sa Summer 2022 para piliin ang permanenteng non-profit na operator ng property. Ang timeline para sa paglipat ng property mula sa isang SIP hotel patungo sa Permanent Supportive Housing (PSH) ay tutukuyin kasunod ng pagpili ng provider at sa pakikipag-ugnayan sa SIP winddown at team ng proseso ng pabahay ng HSH. Ang proseso ng pagpili ng provider ay magiging katulad ng sinundan ng HSH para sa iba pang mga pagkuha ng inaprubahan ng Lupon sa FY21-22.

Ano ang Permanenteng Pansuportang Pabahay?

Ang Permanent Supportive Housing (PSH) ay abot-kayang pabahay na may mga serbisyong pansuporta, kung saan ang mga nangungupahan ay may sariling mga yunit at inuupahan

Anong mga amenidades ang isasama sa property na ito?

Ang 685 Ellis Street ay may elevator, mapagbigay na lobby, community lounge, commercial na kusina, bakanteng bar/restaurant area, espasyo sa opisina at labahan at espasyo para sa mga serbisyo ng suporta.

Paano napili ang tagabigay ng serbisyo?

Pipiliin ang non-profit na tagabigay ng serbisyo sa isang competitive na proseso.

Ano ang naging proseso sa pagpili sa lokasyong ito?

Noong Enero 2021, ang Kagawaran ng Kawalan ng Tirahan at Pansuportang Pabahay (Department of Homelessness and Supportive Housing) (HSH) ay naglabas ng Request for Information (RFI) para tukuyin ang mga potensyal na ari-arian para sa posibleng pagkuha ng bilang ng permanenteng sumusuporta sa mga site ng pabahay. Ang RFI na ito ay nasara noong Disyembre 31, 2021. Isang kabuuang 100 karapat-dapt na pagsusumite ang natanggap sa RFI 100-A, kabilang ang ari-arian na matatagpuan sa 685 Ellis Street.

Ang property sa 685 Ellis ay napili para bilhin dahil sa laki ng gusali, amenidades, malapit sa pampublikong transportasyon at mga serbisyo, at ang kasalukuyang paggamit nito bilang Shelter-In-Place Hotel.

Ano ang proseso ng pag-apruba at pagpapatuloy? Isa pa, ano ang timeline?

Alinsunod sa Chapter 79 sa Administrative Code (Prop I), kailangan ng HSH na magbigay ng 30 araw na abiso ng pagbabago sa paggamit ng isang kasalukuyang site. Natugunan na ang hinihinging ito noong

Nobyembre 17, 2022, sa pamamagitan ng mga abiso sa publiko, sulat ng Prop I, at nalalapit na pangkomunidad na pulong. Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga abiso sa Prop I at mga pampublikong pulong para sa mga panukalang proyekto ay makikita sa website ng HSH sa: <https://hsh.sfgov.org/get-involved/notices/>.

Ang pagpupulong ng komunidad para sa proyektong ito ay gaganapin sa **Lunes, Marso 28, 2022, sa ganap na 5:00 p.m.** Ang pulong na ito ay gaganapin ng virtual at maaaring ma-akses [gamit ang zoom](#).

Ang iminungkahing pagkuha ay dapat na awtorisado ng Lupon ng mga Superbisor. Diringgin ng Lupon ng mga Superbisor ang item na ito bago ang Mayo 3, 2022.

Para saan ginagamit ang kasalukuyang site? Kung may mga kasalukuyang naninirahan dito, ano ang mangyayari sa kanila?

Kasalukuyang ginagamit ang property bilang Shelter-In-Place (SIP) Hotel. Ang mga bisita sa site ay sasabak sa Proseso ng Pabahay ng SIP ng HSH at itutugma sa naaangkop na mga matatag na labasan bago isara ang programa. Simula noong Pebrero 28, 2022, ang HSH ay may 959 na mga bisita mula sa SIP hotel program at nagsusumikap na ilagay ang natitirang 1,071 bisita (mula noon Marso 1, 2022) hanggang Setyembre 30, 2022.